Sa pagsusulat kong muli, ibabalik ko ang mga bagay na biglang nawala. Mga kuwentuhan na aming pinakikinggan, mga bagay na pinagmamasdan, at mga piling kuwento mula sa bayang kasalukuyang tirahan. Kagaya sa nobela kong *Si Iska at ang Nawawalang Kampana*, susubukin kong bigyang tinig ang danas ng kabataan sa bagong henerasyon na hindi na naririnig.

Messianic mang pakinggan ang proyekto, subalit iniaalay ko ang bubuuing akda sa mga kabataang nakasalamuha ko bilang guro, at sa mga magulang na siyang nagtiwala sa akin upang maturuan ang mga anak nila.

Susubukin ko, sa pamamagitan ng pagkatha ng akdang ito, na ibalik ang mga kuwentong unti-unting nawawala dahil na rin sa iba't ibang salik na hindi maiiwasan. Ano nga ba mangyayari kung wala nang tinig ang partikular na sektor ng lipunan? Ano nga ba ang mangyayari kung wala nang boses ang kabataan sa lipunang ginagalawan?

Sa bawat paglisan, at paglipas, laging may bagong darating. Lagi't laging may bagong daan na maaaring tahakin. Hindi naman ibig sabihin na umalis sa isang lugar ay katapusan na. Sa bawat paglisan, dala-dala ng manunulat ang alaala ng kaniyang nakaraan. Ang mga alaalang ito ang siyang tutulong upang makabuo ng bagong daan patungo sa mga bagong aral at karanasan.

## D. Ang Tinig ng Panitikang Pangkabataan

Bilang guro at bilang isang manunulat sa Wattpad, may personal akong bias sa panitikang pangkabataan. Sa kategoryang ito ako nahilig magbasa at sumulat nang akda. Dito rin ako nagkaroon ng ilang mambabasa online at offline. Kaya naman, ito ang pinanggagalingan ng aking akdang isusulat bilang kahingian sa kursong Malikhaing Pagsulat.

Pinili ko ang panitikang pangkabataan sapagkat nais kong gamiting paraan ito upang magsalaysay ng mga kuwentong-bayan, magbigay ng bagong naratibo sa kasalukuyan kong panahon, at magdagdag kaalaman sa mga konseptong napili kong ipaliwanag sa thesis na ito.

Subalit, sino nga ba ang miyembro ng kabataan?

Sa *Stages of Development* ni Erik Erikson (1975), sa *adolescence* nagsisimula ang pagbuo ng pagkakakilanlan. Ayon sa teorya niya, dito nagsisimula nang makipag-ugnayan sa lipunan. Ito ang panahong kung saan nakikipagkilala pa ang isang indibidwal sa ibang tao—maaaring para sa isang relasyon o pakikipagkaibigan. Ang pagkakakilanlan na mabubuo sa



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 22 11/20/2024 8:05:46 AM

yugto na ito ay siya ring madadala hanggang sa pagtanda. Mahalagang may sariling pagkakakilanlan dahil ito ang siyang bubuo at pupuno sa sarili sa susunod pang yugto ng buhay.

Sa personal kong danas, sa edad na ito ako nakatagpo ng mga kaibigang hanggang ngayon ay kaibigan ko pa rin. Sila ang isa sa mga dahilan kung saan ko piniling magkolehiyo, kung anong kinuhang kurso, at kung paano ako nakakilos sa sumunod na yugto ng buhay ko noon. Sa panahong ito ko paunti-unting nabuo ang pagkatao, ano ang hangarin sa buhay, at ano ang gagawin ko sa hinaharap. Isa itong yugto na kung saan ko mas kinikilala ang mga kakaibigan, kahihiligan, at mga gagawing bagay na siyang dadalhin ko sa pagtanda. Sa aking nobela, pinili kong sumulat sa mga kabataang mambabasa mula sa Metro Manila at karatig pang lugar.

Ayon sa pag-aaral nina Hutchison Leigh, K. T., at Wagner, H. H. (2016) ang young adulthood ay ang "prime stage of life" na kung saan mas may kalayaan ang isang kabataan na pumili at magdesisyon sa sarili kumpara noong siya ay bata pa. Ang pagtuntong ng high school ay isang panibagong yugto ng buhay para sa isang indibidwal. Dito maraming nararanasan na dadalhin hanggang sa pagtanda. Mahalagang magkaroon ng sapat na gabay ang kabataan sa yugtong ito. Dito nila unti-unting binubuo ang kanilang sarili. Mahalaga ang yugto ng buhay na ito hindi lang sa isang kabataan kundi pati na rin sa mga magulang at sa mga gurong nakapaligid sa teenagers.

Mahalaga ang young adulthood kaya naman mahalagang magkaroon rin ng panitikan na siyang maiuugnay sa partikular na panahon na ito. Hindi maipagkakailang sumikat ang Young Adult Literature o Panitikang Pangkabataan dahil sa dami rin ng mga nagbabasa nito.

Ayon sa Young Adult Library Services Association (2018), ang Young Adult books ay para sa mga mambabasa na may edad 12-18 na taong gulang. Ang pangunahing tauhan rin ay may ganoong edad at ang kuwento ay isinasalaysay sa pananaw ng isang kabataan.

Sa paaralan, ang mga batang nasa ganitong edad ay nagmumula sa Junior High School hanggang Senior High School (Grade 7 hanggang Grade 12). Ito ang panahon na kung saan unti-unting nakikilala ang sarili bilang isang miyembro ng lipunang ginagalawan. Sa mga baitang na ito ipinapabasa ang *Ibong Adarna, Florante at Laura, Noli Me Tangere,* at *El Filibusterismo.* Nagkakaroon din naman ng pagkakaiba sa mga babasahin pagdating ng *Senior High School* at nakabatay ito sa mapipiling strand.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 23 11/20/2024 8:05:47 AM

Sa Pilipinas, nagkaroon na rin ng mga akda na panitikang pangkabataan. Patunay rito ang antolohiya tungkol sa panitikang pangkabataan na may pamagat na *Bagets: An Anthology of Filipino Young Adult Fiction* (2006). Sina Carla M. Pacis at Eugene Y. Evasco ang naging editor ng antolohiya ito. Sa aklat na ito isinalaysay ang kuwento ng Filipino teenagers ang kanilang kinahaharap na problema at mga karanasan lalo pa noong ika-20 siglo. Isang pagmamapa ito sa kung paanong namuhay, nag-isip, at nagpatuloy sa buhay ang mga kabataan noon.

Nagkaroon na rin ng mas malawak espasyo ang panitikang pangkabataan sa Pilipinas. Patunay na rito ang kategoryang nakalaan rito sa mga bookstore at online shop. Sa website ng Adarna House, may isa ring kategorya para sa mga panitikang pangkabataan. Kinikilala rin ng Adarna House ang kategoryang ito sa pamamagitan ng paglalathala ng mga akdang para sa target na mambabasa nito. Ilan sa mga akda na kasama sa kategoryang ito ay ang *Anina ng mga Alon* ni Eugene Y. Evasco (2002), *Mga Tala sa Dagat* ni Annette Acacio Flores (2014), si *Santa Anita* ni EK Gonzales (2018).

Iba't ibang tema ang nilalaman ng mga panitikang pangkabataan. Sa pag-aaral ni Wells (2003), ang mga tema na nakapaloob sa mga panitikang pangkabataan ay pagkakaibigan, pamilya, personal na problema, pagkakaroon ng love interest, pera, paghihiwalay ng mga magulang, pagpapakasal muli ng magulang, pagtira sa mga lolo o lola, pagkakaroon ng kapatid, pagiging sikat, kalagayan kasama ng mga nakababatang kapatid, at ang mga pagbabago sa sarili o puberty. Naging tema rin ng mga akda ang lahi, kamatayan, kapitbahay, at paghahanap o ang pagkakaroon ng trabaho. Hindi maitatanggi na ang ganitong mga pangyayari ang relatable sa mga mambabasa ng YA kung kaya naman tinatangkilik ito ng mga kabataan.

Ang aklat ni Will P. Ortiz na *Ang Pagbabalik ni Maria Makiling* (2015) ay naglalarawan sa karanasan ni Aya, na habang nagpapatuloy ang kuwento, ay mas lalong nakikilala ang kaniyang tunay na pagkatao. May dalawang aklat ang kuwentong ito. Sa unang aklat, isinalaysay ng manunulat kung paanong nakilala ni Aya pa ang kaniyang sarili. Isa siyang tipikal na mag-aaral sa kanilang paaaralan. Nais ni Aya na makasabay sa kaniyang mundong ginagalawan. Subalit, nang sumapit ang kaniyang kaarawan, nagbago ang kaniyang mundo. Sa aklat na ito, isinalaysay rin kung paano siyang nakalaya sa kadena ng panlilimos ng pansin.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 24 11/20/2024 8:05:47 AM

May bahagi rin sa aklat na kung saan inilarawan ang pagdadalaga ni Aya nang siya ay magkaroon na ng regla. Mahalaga ito dahil ang target na mambabasa na babae ay makakaugnay sa ganitong karanasan. Sa ikalawang aklat naman ipinagpatuloy ang pagsasalaysay ng kuwento ni Aya sa kaniyang ikalawang taon sa Lincoln High. Dito hinanap niya ang agimat na makatutulong sa kaniya upang magapi ang mga kalaban sa dilim. Isa ang aklat na ito sa mga akdang nagbigay inspirasyon sa tatahakin kong kuwento. Hindi lamang isinalaysay sa akdang ito ang mahahalagang tauhan sa piling kuwentong-bayan, kundi ikinuwento rin dito ang karanasan ni Aya bilang anak, estudyante, at kaibigan sa lipunang ginagalawan.

Sa aklat na *Anina ng mga Alon* ni Eugene Y. Evasco (2002) isinalaysay ang isang buhay ng Badjao na si Anina. Sa akdang ito, ipinakilala si Anina at ang kaniyang buhay bilang isang Badjao. Sa Maynila, kapag sinabing badjao, ang unang pumapasok sa isip ay ang panlilimos ng mga ito. Sa pamamagitan ng akdang ito, nabigyang-linaw kung sino nga ba ang mga badjao. Inilarawan din ang pagkakaiba ng mga tirahan sa ibabaw ng tubig at silang nasa pampang. Mababasa rin ang mga detalye sa anong klaseng kultura at pamumuhay mayroon ang mga taong nakatira malapit sa karagatan. Ang lunan ng kuwento ay sa Tungbangkao, Tawi-Tawi. Nang mabasa ko ang akdang ito noong unang linggo ng lockdown, naiugnay ko ang sarili ko kay Anina sa kung paano niyang minahal ang dagat at kung paanong siya lumaban sa hamon ng buhay.

Isinalaysay ni Allan N. Derain sa kaniyang nobela na *Aswanglaut* (2021) ang kuwento ni Lulak, isang 15 taong gulang, at ang kuwento nito kung paano siyang naging aswang.

> "Magkasama na kaming palagi ni Baranagon. May mga sandaling nasa loob niya ako at may mga sandali namang nasa loob ko siya. May mga sandaling nagiging isya ako at ako siya, at iisa lang kami talaga." (pahina 226).

Sa bahaging ito, gumamit ang manunulat ng kakaibang pagsasalaysay sa kuwentong nakasanayan. Iniba niya ang persona ng aswang dito, labas sa dati nang pagkakakilala sa mga aswang. Higit sa lahat, babae ang aswang sa akdang ito. Nailarawan rin ang karanasan ng babae bilang isang aswang. Isinalaysay ang kaniyang buhay at ang kaniyang mga pagsubok na hinarap sa kaniyang buhay. Sa pagbabasa



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 25 11/20/2024 8:05:47 AM

ko ng kuwento, napagtanto ko na tunay ngang mayaman sa kuwentong-bayan ang Pilipinas.

Ang isa pang naging pangunahing sanggunian ko sa pag-aaral at pagsusulat na ito ay ang *Janus Silang Series* ni Edgar Calabia Samar (2014). Sa aklat na ito, isinalaysay ang buhay ni Janus bilang isang bagani (bayani) at kung ano ang kaniyang papel sa pagliligtas sa mahahalagang tao sa nobela. Sa nobela ring ito, tinahi ang piling kuwentong-bayan at mga tauhan mula sa mitolohiya ng Pilipinas. Nabanggit sa nobela ang mga nilalang gaya ng tiyanak at kung paanong nagpanggap ang tiyanak na ito bilang kapatid ni Janus sa mahabang panahon. Binigyan ng bagong pagpapakilala ng manunulat ang tiyanak.

Sa nobela, mayroong isang laro na pinamagatang Tala. Ang tala ay isang mundo sa loob ng isang bagong mundo sa nobela. Ito ay isang online game na kung saan ang manlalaro ay may kapares na isang Diwata o isa pang karakter. May iba't ibang stages ang larong Tala na kailangang mapagtagumpayan ng manlalaro. Sa unang aklat ng series na ito, ikinuwento kung paanong namatay ang mga manlalaro na umabot sa huling stage ng laro. Ito ang pangunahing conflict sa kuwento.

Sa isang pag-aaral ni Maria Rhodora G. Ancheta (2021), sinabi niya na ang Janus Silang book series ay isang mahalagang bahagi ng kontemporaryong panitikang pangkabataang nobela sa Pilipinas. Sinabi rin niya na sa nobelang ito, naipaliwanag ni Samar ang yaman ng mitolohiya ng Pilipinas at kuwentong-bayan habang naglalatag ng isang panibagong mundo sa mundo sa kasalukuyan at sa pang-araw-araw na buhay. Sa pag-aaral ring ito sinuri ng mananaliksik ang worldbuilding sa pamamagitan ng paglalatag ng panibagong mundo sa mga naratibo sa pamamagitan ng paggamit ng naming conventions at naming stories.

Sa nobelang ito, nagtagumpay si Samar upang paglapitin ang kontemporaryong panahon sa mga kuwentong-bayan na naisalaysay na noon. Posible ngang makalikha ng akda na maiuugnay sa buhay ng kabataan. Ang online game na TALA sa nobelang ito ni Samar ay isa lamang sa devices upang mas mailapit pa sa kabataan ang ganitong kuwento.

Ano nga ba ang sitwasyon ng panitikang pangkabataan sa Pilipinas? Sinabi ni Gabriela Lee (2013) sa kaniyang sanaysay tungkol sa kaniyang poetika na ang panitikang pangkabataan ay kilala na sa ibang bansa



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 26 11/20/2024 8:05:47 AM

noong simula at kalagitnaan ng 2000. Sa mga lokal na bookstores, mapapansing ang mga aklat na ito ang bubungad. Masasabing may mambabasa para dito.

Sa sanaysay niya tungkol sa kaniyang poetika, nabanggit ni Gabriela Lee na hindi masyadong tinatrato bilang isang malayang indibidwal ang mga kabatang Pilipino na kayang gumawa ng sariling desisyon, hiwalay sa mga bata. Konserbatibo ang pinanggalingang pagpapalaki, kaya naman may nakasanayan nang tradisyon ng mga kaugalian. Upang ituring na maging 'mabuting bata' kailangang sumunod sa magulang. Konserbatibo. Kaya naman, hirap lumabas sa kahon ang ibang kabataan dahil sa ganitong pagpapalaki. Sa madaling salita, tila tinatratong parang bata ang mga kabataan. Kung tutuusin, may hinaharap na rin silang problema na hindi pambata. Isa ito sa mga nais tunguhin ng akda ni Gabriela Lee sa kaniyang nobela na ipinasa para sa UP National Writers Workshop noong 2018.

Ito ang susubukin kong tunguhin sa akdang isusulat ko. Sa pamamagitan ng panitikan, nais ko pang mas mabigyan ng halaga ang boses at naratibo ng mga kabataan. Ang panitikan ay may malaking papel sa paghubog ng kamalayan at kaisipan ng isang kabataan. Tumutulong ito sa pagkilala sa sarili at sa pagbuo ng mga desisyon.

Isang magandang halimbawa rin ang pag-aaral din ni Gabriela Lee (2016) sa panitikang pangkabataan na akda ni Agay Llanera na *Choco Chip Hips* (2017). Sinabi niya na napagtagumpayan ni Agay Llanera ang pagsusulat ng akda na nagtatampok ng positibong pagtanggap sa mga kababaihang may matabang pangangatawan. Kadalasan, sa mga kuwento o drama sa telebisyon, ang pagiging mataba ay isang problema. Nagiging matagumpay ang bida kung siya ay magbabawas at magpapayat. Subalit sa akdang *Choco Chip Hips,* mayroong pagtanggap sa ganitong kondisyon ng katawan—isang kondisyon na hindi dapat ikinakahiya.

Sa ganitong paraan ng pagsusulat, nakatutulong ang panitikan sa kabataang mambabasa upang mas magkaroon ng pagtanggap sa sarili. Nagiging normal para sa mga mambabasa na ang pagiging maganda ay hindi lamang nakabase sa laki ng katawan o sa bigat ng timbang. Maraming kabataan ang sumusubok maging 'in' sa kanilang ginagalawan. Kaya naman ang ganitong akda ay nakatutulong bilang isang springboard sa mas mahabang proseso ng pagkilala ng isang mambabasa sa kaniyang sarili.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 27 11/20/2024 8:05:47 AM

Nasimulan nang imapa ang panitikang pangkabataan sa Pilipinas. Mas nagkaroon na rin ng mga manunulat na nagsusulat para sa mga mambabasang may edad na 12-18 taong gulang. Patunay rito ang mga nailimbag na kuwento mula sa Wattpad. Seventy percent (70%) sa mga mambabasa ay babae at 80% sa mga ito ay millennials.

Sa ganitong statistics, mahalagang bigyan ng pokus ang mga karanasan ng mga kababaihan lalo pa't sila rin ay isa sa mga humaharap sa iba't ibang suliranin dala ng kanilang pagiging bahagi ng mga kabataan sa Pilipinas. Masasabing iba ang danas ng mga babae sa danas ng lalaki sa isang patriyarkal na lipunan kung kaya naman mahalaga ring bigyang-pansin ito sa bubuuing akda.

## E. Paglilinang ng Karunungang-Bayan

Noong unang semestre ko sa kursong Malikhaing Pagsulat, nagkaroon ako ng pagkailang dahil ramdam kong napaliligiran ako ng mga propesyonal at dalubhasa pagdating sa Filipino. Sa totoo lang, hindi ako makasagot sa klase tuwing magtatanong ang propesor tungkol sa partikular na akdang isinulat sa Filipino. Hindi naging bahagi ng karanasan ko sa pagbabasa ang mga literary canon. Hindi ko rin nabasa ang mga iyon sa undergraduate course ko dahil Ingles ang inaral ko. Sinikap kong magbasa nang magbasa pa mula nang mag-aral pa ako ng ibang asignatura. Sa elective subject ko, pinili ko ang Panitikan ng Pilipinas 250 o PanPil 250. Dito ako mas naging palabasa pa ng mga akdang isinulat sa Filipino. Dahil dito, nagsimula akong magbasa nang magbasa pa.

Dito mas tumibay ang pagkahilig ko sa pagbabasa ng lokal na akda.

Dahil sa pagkahilig ko sa pagbabasa, nakahiligan ko na ring magsulat ng book reviews tungkol sa mga aklat na nababasa ko. Inilalagay ko lahat ng opinion tungkol sa isang akda sa aking social media accounts. Kaya naman, naging sanggunian ako ng mga kaibigang guro sa kung anong aklat ang maaaring ipabasa sa mga mag-aaral nila.

May isang kaibigang nagtatrabaho bilang customer service representative sa call center ang nagtanong kung anong aklat ang mairerekomenda ko sa katulad niyang may maikling oras lamang para magbasa, pero gusto pa ring makapagbasa kahit paano. May kaibigang guro ang nagtanong kung anong aklat na nakasulat sa Filipino ang maaaring ipabasa sa kaniyang klase sa Grade 10. May mga kaibigang nanay rin ang nagtatanong kung anong akdang nakasulat sa Filipino ang magandang ipabasa sa kaniyang anak na nasa Grade 1 naman.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 28 11/20/2024 8:05:47 AM